



MADALING MGA KATOTOHANAN

Mga Panahon ng Pagpapatala

Ang panahon ng taon na maaari kang magpatala sa plano ng kalusugan ay depende sa uri ng plano ng kalusugan na ikaw ay karapat-dapat.



Online sa nystateofhealth.ny.gov



Sa pamamagitan ng telepono sa 1-855-355-5777

TTY 1-800-662-1220



Bumisita sa isang Tao na Tumutulong

Ang NY State of Health ay sumusunod sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at wala itong diskriminasyon ayon sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan nito.

Bakit kailangan mong magpatala sa plano ng kalusugan sa pamamagitan ng NY State of Health?

Maraming dahilan ng pagpapatala sa seguro ng kalusugan at gagawin ng NY State of Health na madali ang pamimili at magpatala sa komprehensibo at saklaw na mababa ang gastos. Maraming plano ng kalusugan na pagpipilian. Maaari kang tulungan ng nasanay na tumutulong. At, maaaring nararapat ka sa libreng pagsaklaw o para sa tulong na pagbabayad ng iyong pagsaklaw.

Anong klase ng mga plano ang iniaalok ng NY State of Health?

Ang NY State of Health ay ang lugar para bumili at magpatala sa Medicaid, Child Health Plus, ang Mahalagang Plano, at Karapat-dapat na mga Plano ng Kalusugan.

Kailan ba ako maaaring magpatala?

Kung kailan ka makapagpapatala ay depende sa kung anong programa ka nararapat, na batay sa edad, kita at iba pang mga kadahilanan. Bukas ang pagpapatala sa buong taon kung ikaw ay nararapat para sa:

- Medicaid
- Child Health Plus
- Mahalagang Plano

Maaari kang magpatala sa isang Karapat-dapat na Plano ng Kalusugan sa araw ng taunang Panahon ng Bukas na Pagpapatala, o isang Espesyal na Panahon ng Pagpapatala, kung ikaw ay karapat-dapat.

Ang mga Indiyang Amerikano at Katutubong Alaskano ay maaaring magpatala anumang oras ng taon para sa anumang NY State of Health na programa.

Ano ang Bukas na Panahon ng Pagpapatala?

Ang Bukas na Panahon ng Pagpapatala ay isang limitadong oras ng taon – kadalasan ay Nobyembre hanggang Enero – na maaari kang magpatala sa isang Karapat-dapat na Plano ng Kalusugan. Kung hindi ka magpapatala sa mga buwan na ito, kakailanganin mong maghintay hanggang sa susunod na Panahon ng Bukas na Pagpapatala. May ilang eksempsiyon. Maaari kang makapagpapatala sa isang Karapat-dapat na Plano ng Kalusugan sa labas ng Panahon ng Bukas na Pagpapatala kung ikaw ay karapat-dapat sa isang Espesyal na Panahon ng Pagpapatala.

Ano ang Espesyal na Panahon ng Pagpapatala?

Ang Espesyal na Panahon ng Pagpapatala ay kung ang sinuman ay may espesyal na pangyayari sa buhay (tinatawag na “Pagiging Karapat-dapat na Pangyayari sa Buhay”) na gagawin silang karapat-dapat na magpatala sa o palitan ang kanilang pagkasaklaw sa pamamagitan ng Karapat-dapat na Plano ng Kalusugan sa labas ng Panahon ng Bukas na Pagpapatala.

Anong mga Pagiging Karapat-dapat na Pangyayari sa Buhay ang maaaring gagawin silang karapat-dapat para sa Espesyal na Panahon ng pagpapatala?

Kabilang sa Pagiging Karapat-dapat na mga Pangyayari sa Buhay ang:

- Pagkawala ng seguro sa kalusugan (para sa mga dahilan maliban sa hindi ka nakabayad ng iyong premyum)
- Permanenteng paglipat sa Estado ng New York o isang paglipat sa loob ng estado na magbibigay daan para magamit mo ang bagong mga plano ng kalusugan (dapat ay mayroon kayong iba pang saklaw sa loob ng nakalipas na 60 araw)
- Pagpapakasal o pagkakaroon ng kinakasama (dapat ay mayroon kayong iba pang saklaw sa loob ng nakalipas na 60 araw)
- Diborsiyo o legal na paghihiwalay
- Pagbubuntis na pinatunayan ng isang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan
- Pagsilang o pag-adopt ng isang bata, o paglagay ng isang bata sa foster care
- Pagiging karapat-dapat o hindi karapat-dapat para sa tulong na pagbabayad sa iyong saklaw na Karapat-dapat na Plano ng Kalusugan
- Pagiging isang mamamayan, pambansa o indibidwal na legal ang pagdalo

Sa pangkalahatan, dapat kang mag-ulat ng Pagiging Karapat-dapat na Pangyayari sa Buhay sa NY State of Health sa loob ng 60 araw. Maaaring kailanganin ninyong magbigay ng katibayan ng Pagiging Karapat-dapat na Pangyayari sa Buhay sa inyong bagong plano ng kalusugan o sa NY State of Health.

Paano ko malalaman kung sa anong programa ako karapat-dapat?

May tatlong madaling paraan upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat sa pagsaklaw ng kalusugan:

- Mag-apply on-line sa nystateofhealth.ny.gov
- Tawagan ang Customer Service Center sa **1-855-355-5777**
- Makipagkita sa isang tao na tumutulong

Gagabayan ka namin sa proseso ng pagpapatala, ipapaalam sa'yo kung anong programa ka karapat-dapat, at kung kailan ka maaaring magpatala. Available ang tulong sa anumang wika ng iyong pakikipag-usap.



Online sa
nystateofhealth.ny.gov



Sa pamamagitan ng
telepono sa
1-855-355-5777

TTY
1-800-662-1220



Bumisita sa isang Tao na
Tumutulong